CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 20, 2020
Pakikipag-ugnay: Eric Romero, Project Manager, 562.570.6705,
Eric.Romero@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Lungsod ng Long Beach Mag-aalok ng Mga Bagong Nonprofit na Gawad

Ang Aplikasyon sa Nonprofit Relief Grant at Telehealth License Grant ay Bukas na Ngayon

Long Beach, CA - Magagamit na ngayon ang mga aplikasyon para sa dalawang bagong gawad sa Lungsod na idinisenyo upang suportahan ang mga non-profit na organisasyon na matatagpuan sa Long Beach. Ang mga gawad na ito ay magbibigay ng pangkalahatang suporta sa pagpapatakbo sa mga non-profit na ahensiya sa kalusugan ng kaisipan na makakuha ng subscription sa telehealth.

“Ang aming non-profit na komunidad ay tumulong upang magbigay ng mga kritikal na serbisyo sa panahon ng pandemikong ito,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Inaasahan namin ang pagbibigay sa mga grupong ito ng kritikal na pagpopondo upang ipagpatuloy ang trabaho.”

CARES Act Nonprofit Relief Grant
Susuportahan ng CARES Act Nonprofit Relief Grant ang mga kasalukuyang non-profit sa Long Beach na nakakaranas ng pinansyal na paghihirap dulot ng COVID-19. Ang mga karapat-dapat na mga non-profit ay maaaring mag-aplay para sa gawad na nagbibigay ng kapital sa pagtatrabaho upang mapanatili ang kanilang operasyon at tulungan silang magpatuloy na magbigay ng mga serbisyo sa komunidad. Isang kabuuang $200,000 ang magagamit sa pag-isyu ng mga gawad na sumasaklaw sa mga karapat-dapat na gastos na nauugnay sa COVID-19. Ang mga non-profit na may taunang kita sa pagpapatakbo na higit sa $500,000 ay karapat-dapat na mag-aplay para sa isang $10,000 na gawad at ang mga non-profit na may taunang kita sa pagkpapatakbo na mas mababa sa $500,000 ay karapat-dapat mag-aplay sa isang $5,000 na gawad.

Ang mga sumusunod ay isang buod ng mga karapat-dapat na paggasta para sa Nonprofit Relief Grant:

- Komersyal na renta
- Imbentaryo
- Payroll
- Kagamitan sa pansariling proteksyon
- Ang mga muwebles, fixture at kagamitan na makakatulong sa mga non-profit na magpatakbo ng ligtas sa panahon ng COVID-19
- Ang mga solusyon sa teknolohiya na makakatulong sa mga organisasyon na magpatakbo ng ligtas at lumipat sa mga serbisyong digital

CARES Act Telehealth License Grant

Ang pagkakataong sa pagpoponding ito ay para sa mga non-profit na mga ahensiya sa kalusugan ng kaisipan ng Long Beach upang mag-subscribe sa isang lisensya sa telehealth upang magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip online. Dadagdagan nito ang pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan para sa mga residente ng Long Beach na walang seguro o underinsured, habang sumusunod sa mga utos na Masligtas sa Tahanan sa panahon ng COVID-19 pandemya. Ang mga non-profit ay dapat kasalukuyang may pagkakulang sa isang telehealth subscription. $30,000 sa mga gawad ay magagamit sa isang unang makarating, unang pagsisilbihan na batayan, kung saan ang bawat organisasyon ay karapat-dapat sa $2,000.

Ang panahon ng aplikasyon para sa parehong mga gawad ay magsasara nang 11:59 p.m. sa Biyernes, Nobyembre 6. Hinihikayat ang mga non-profit na bisitahin ang webpage ng CARES Act Nonprofit Relief Grant at Telehealth License Grant upang matuto ng higit pa tungkol sa mga pagkakataon na ito ay kumpletuhin ang kanilang aplikasyon online. Ang Hotline ng Negosyo ng Lungsod, 562.570.4BIZ (4249), ay magagamit mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Sabado at Linggo, para sa karagdagang impormasyon o suporta sa pagkumpleto ng mga aplikasyon.

Noong Hulyo 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang isang plano sa paggastos para sa pondo ng Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act ng Lungsod, na naglalaan ng pondo para sa mga pagsisikap sa suporta sa komunidad, kabilang ang mga gawad sa non-profit.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga

residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###